

Tala: 1

Bacterial Meningitis(includes abstract) McCoy K; Horn D; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, January 2009; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052439

Abstract: Magdudulot muna ang bacteria ng impeksiyon sa itaas na bahagi ng respiratory tract . Pagkatapos ay tutungo ito sa utak sa pamamagitan ng daloy ng dugo. Ang meninges ay ang mga membrane na nakapaligid sa utak at spinal cord. Ang bacterial meningitis ay isang impeksiyon at pamamaga ng meninges. Maaari itong magdulot ng pagkamatay sa loob ng ilang oras. Napakahalaga ng mabilis na pagsuri at paggamot.

[View English](#)

Database:

Consumer Health Information -- Tagalog

Bacterial Meningitis

(Spinal Meningitis)


ni: Krisha McCoy, MS

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Magdudulot muna ang bacteria ng impeksiyon sa itaas na bahagi ng respiratory tract . Pagkatapos ay tutungo ito sa utak sa pamamagitan ng daloy ng dugo.

Ang meninges ay ang mga membrane na nakapaligid sa utak at spinal cord. Ang bacterial meningitis ay isang impeksiyon at pamamaga ng meninges. Maaari itong magdulot ng pagkamatay sa loob ng ilang oras. Napakahalaga ng mabilis na pagsuri at paggamot.

Bacterial Meningitis

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sanhi

Sa buong mundo, tatlong uri ng bacteria ang nagdudulot ng karamihan sa mga kaso ng acute bacterial meningitis:

- *Streptococcus pneumoniae* (ang bacteria na sanhi ng pulmunya)
- *Neisseria meningitidis*
- *Haemophilus influenzae b* (Hib)
 - Sa US, natanggal na halos ng malawakang bakuna ang meningitis dulot ng Hib

Kabilang sa ibang mga uri ng bacterial meningitis ang:

- *Listeria monocytogenes* meningitis
- *Escherichia coli* meningitis
- *Mycobacterium tuberculosis* meningitis

Maaari din magdulot ng meningitis ang sari-saring ibang bacteria. Mas malamang na magkaroon ang mga bagong silang na sanggol at mga may-edad na.

Naikakalat ang ilang mga uri ng bacterial meningitis sa pamamagitan ng direktang pagkakadikit sa likidong mula sa bunganga o lalamunan ng taong mayroon nito (halimbawa, paghahalikan). Sa kabuuan, hindi naikakalat ang meningitis sa pamamagitan ng karaniwang pagkakadikit.

Mga Nagbibigay Panganib

Ang nagbibigay panganib ay nagpapataas sa iyong tsansang magkaroon ng sakit o kondisyon.

Kung mayroon ka ng anumang mga nagbibigay panganib na ito, sabihin sa iyong doktor:

- Edad: kasangulan at unang yugto ng kabataan; lampas sa edad na 60
- Mga taong nakikipag-ugnayan nang malapitan at matagalan sa mga pasyenteng may meningitis dulot ng Hib o *Neisseria meningitidis*
- Huminang immune system dahil sa impeksiyon ng HIV o ibang mga kondisyon
- Pagkalulong sa alak
- Paninigarilyo (para sa meningitis dulot ng *Neisseria meningitidis*)
- Pamumuhay nang malapit sa iba, gaya sa mga dormitoryo at mga kuwartel ng militar (para sa meningitis dulot ng *Neisseria meningitidis*)

Sintomas

Maaaring lumabas ang mga klasikong sintomas sa loob ng ilang oras, o pagkatapos ng 1 hanggang 2 araw:

- Mataas na lagnat
- Sakit sa ulo
- Matigas, masakit na leeg

Kasama sa ibang mga sintomas ang:

- Mapula o kulay lila na pantal sa balat
- Cyanosis (mala-asul na kulay ng balat)
- Pagduduwal
- Pagsusuka
- Photophobia (pagkasensitibo sa maliliwanag na ilaw)
- Pagiging antukin
- Kalituhan ng isip

Sa mga bagong silang at mga sanggol, mahirap makita ang mga sintomas. Bilang resulta, madalas na sinusuri para sa meningitis ang mga sanggol na mas bata sa tatlong buwan na may lagnat. Maaaring kabilang sa mga sintomas ng mga bagong silang at mga sanggol ang:

- Kawalan ng ginagawa
- Hindi maipaliwanag na mataas na lagnat o anumang uri ng pagbabagu-bago ng temperatura, kabilang ang mababang temperatura ng katawan
- Pagkamainitin ng ulo
- Pagsusuka
- Jaundice (dilaw na kulay ng balat)
- Mahinang kumain o tumatangging kumain
- Pagkabanat o pag-umbok ng mga malalambot na bahagi sa pagitan ng mga buto sa bungo
- Kahirapang gumising

Habang lumalala ang karamdaman, maaaring magkaroon ng atake at/o pagkawala ng pandinig ang mga

pasyente sa lahat ng edad.

Pagsuri

Magtatanong ang iyong doktor tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal. Isasagawa ang eksaminasyong pisikal.

Maaaring kasama sa mga pagsusuri ang mga sumusunod:

- Spinal tap —pagtanggap ng kaunting cerebrospinal fluid upang suriin para sa bacteria
- Ibang cultures—pagsusuri sa mga sample ng dugo, ihi, mucous, at/o nana mula sa mga impeksiyon sa balat
- MRI scan —isang pagsusuring gumagamit ng magnetic waves upang gumawa ng mga larawan ng mga bahagi sa loob ng katawan (upang matiyak na ang pamamaga ay hindi dulot ng ibang sanhi, gaya ng tumor)
- CT scan —isang uri ng x-ray na gumagamit ng computer upang gumawa ng mga larawan ng mga bahagi sa loob ng katawan

Paggamot

Higit sa 90% ng lahat ng mga taong may bacterial meningitis ay nakakaligtas kapag may paggamot kaagad. Madalas na ibinibigay nang magkasama ang mga antibiotic at corticosteroid upang gamutin ang meningitis. Maaari ring ibigay ang mga likido. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa pinakamabuting plano ng paggamot para sa iyo. Kasama sa mga pagpipilian ng paggamot ang:

Mga antibiotic

Ibinibigay ang mga antibiotic sa pamamagitan ng intravenous line kaagad kapag hinihinala ang meningitis. Maaaring baguhin ang mga antibiotic sa oras na matukoy ng mga pagsusuri ang saktong sanhing bacteria. Madalas na nananatili sa ospital ang mga pasyente hanggang bumaba ang lagnat at malinis na sa impeksiyon ang cerebrospinal fluid.

Corticosteroids

Madalas na ibinibigay ang mga intravenous corticosteroid sa simula ng paggamot. Kinokontrol ng mga ito ang puwersa at pamamaga sa utak. Binabawasan din nila ang paggawa ng katawan ng mga sustansiyang nakamamaga na maaaring magdulot ng karagdagang pinsala.

Pagpapalit ng Likido

Maingat na pinapalitan ang mga likidong nawala dahil sa lagnat, pagpapawis, at pagsusuka upang maiwasan ang mga komplikasyon ng sobrang likido.

Iba pang mga Gamot

Maaaring gamitin ang mga gamot sa pananakit at mga pampakalma upang bawasan ang pananakit at lagnat. Maaari ring ireseta ang mga anticonvulsant upang iwasan ang mga pag-atake.

Pag-iwas

Upang tumulong na mabawasan ang iyong tsansang magkaroon ng bacterial meningitis, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Bakuna laban sa Hib , na napakaligtas at lubhang mabisa, ibinibigay sa mga batang paslit
- Pneumococcal polysaccharide vaccine kontra *Streptococcus pneumoniae* , ibinibigay sa:
 - Lahat ng mga taong lampas sa edad na 65
 - Mga taong may edad na 2 hanggang 64 na may ilang talamak na mga problemang medikal
- Pneumococcal conjugate vaccine kontra *Streptococcus pneumoniae* , ibinibigay sa:
 - Mga sanggol

- Lahat ng mga batang lampas sa edad na 2
- Mga preventative antibiotic na ibinibigay sa mga nagtatrabaho bilang tagapangalaga ng kalusugan o mga miyembro ng pamilya na nakikipag-ugnayan nang malapitan sa mga pasyenteng may bacterial meningitis
- Pasteurization ng gatas at mga produkto ng gatas upang maiwasan ang meningitis dulot ng *Listeria monocytogenes*
- Pagsubaybay sa impeksiyon sa ina habang at bago ang panganganak upang maiwasan ang meningitis sa mga bagong silang

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. January 2009
Numero ng Item: 2010052439